
GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino
# Bangui Wind Farm ng Ilocos



Kuwento ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Rea Diwata Mendoza
Litrato nina Jesse Tuason at
Jan Michael Benafin



Tuwing umuuwi si Ben sa Ilocos, lagi niyang napapansin ang isang linya ng matataas na puting poste sa may baybayin.


Umiikot ang malalaking *blade* nito.



“Isa, dalawa, tatlo... dalawampu silang lahat! Ano ‘yang mga ‘yan, Kuya?” tanong ni Ben kay Kuya Mike.




“Yan ang Bangui Wind Farm,” sabi ni Kuya Mike. “*Wind turbine* ang tawag sa mga ‘yan.”



“Bakit itinayo ang mga wind turbine?” tanong ni Ben. “Para malaman natin kung malakas ang hangin?” “Naku, hindi, Ben,” natawa si Kuya Mike. “Ang mga wind turbine ang nagsusuplay sa atin ng koryente.”



“Paano?” tanong ni Ben.
“Ang mga propeler ay nakakonekta sa isang motor. Kapag tuloy-tuloy na umiikot ang motor, nakakagawa ito ng koryente,” sagot ni Kuya Mike.



“Alam mo, Ben, itinayo ang mga wind turbine sa dalampasigan ng Bangui Bay dahil malakas ang hangin dito,” sabi ni Kuya Mike.



“Wow! Ang galing naman!” sabi ni Ben.


“Magaling talaga dahil nakagagawa ito ng koryente na di gumagamit ng *fossil fuel* tulad ng gasolina,” sabi ni Kuya Mike.



“Nagdudulot kasi ng polusyon ang pagsunog ng fossil fuel,” paliwanag ni Kuya Mike.



"Ang malaganap na paggamit ng fossil fuel ay di nakabubuti sa ating kalusugan at kalikasan," sabi ni Kuya Mike.



“Kung gayon, dapat magtayo ng mas marami pang wind farm!” sabi ni Ben.

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE